# Ang Umiiral at mga Planong Hakbang sa Pagsulong ng Pagkakapantay-pantay ng mga Lahi

## Kagawaran ng Transportasyon at Lohistika

Ang Kagawaran ng Transportasyon at Lohistika ("TLB") ay ang pangunahing responsable para sa pagbabalangkas ng mga patakaran sa mga bagay na may kaugnayan sa panloob at panlabas na transportasyon ng Hong Kong, kabilang ang transportasyon sa lupa at pang-tubig, komunikasyon sa ere at dagat at pag-unlad ng lohistika. Nakatuon ang TLB sa pagbibigay ng kalidad ng serbisyo sa mga miyembro ng publiko saan man ang kanilang pinagmulan.

| | |
|---|---|
| Mga Umiiral na Panukala | • Ang serbisyong ipinapagkaloob sa publiko ay inihahatid sa parehong Tsino at/ o Ingles.<br><br>• Ang impormasyong ibinibigay sa website ng TLB ay para sa parehong Tsino at Ingles.<br><br>• Ang TLB ay magsasagawa ng serbisyong interpretasyon / pagsasalin sa walong mga lengwahe, tulad ng Bahasa Indonesiya, Hindi, Nepali, Punjabi, Urdu, Tagalog, Thai at Vietnamis, kung saan angkop at praktikal. |
| Pagtatasasa Hinaharap na Gawain | • Susuriin ng TLB ang mga serbisyo nito paminsan-minsan at gagawa ng mga pagpapabuti, kung kinakailangan. |
| Mga Karagdagang Panukala ang Isasagawa | • Hihikayatin ng TLB ang mga kawani nito na dumalo sa mga kurso ng pagsasanay upang mapahusay ang kanilang kamalayan sa pagkakapantay-pantay ng lahi at pagiging alerto sa kultura at gawi ng mga taong may iba't ibang etnikong pinagmulan. |

Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa Senyor na Opisyal ng Ehekutibong Tagapagpaganap (Transportasyon at Lohistika) 1 sa pamamagitan ng e-meyl sa enquiry@tlb.gov.hk o paks sa 2868 4643.

**Kagawaran ng Transportasyon at Lohistika Hulyo 2023**